# FILIPINO GAWAIN 2
# TAMANG PAGGAMIT NG BANTAS AT PAGHINUHA

**A. Ilagay ang tamang bantas na bubuo sa mga pangungusap.**

1. Pakihinaan mo ang tunog ng telebisyon

2. Nanalo ako sa lotto

3. Sino ang unang pangulo ng Pilipinas

4. Ang aking lolo ay may alagang baboy, baka manok, kambing, tupa at kalabaw sa aming probinsiya.

5. Tapos mo na bang ligpitin ang mga laruan mo

**B. Tukuyin ang letra ng sa iyong palagay ay maaaring susunod na mangyayari ayon sa maiksing kwento. Ilagay ang letra ng tamang sagot sa loob ng kahon.**

______ 6. Naglilinis ng paligid ang aming mga kapitbahay. Ang mga lalaki ay nagkakabit ng mga banderitas habang ang mga babae ay abala sa pagluluto ng masasarap na ulam. Sabik na sabik na

LIVEWORKSHEETS

ako sa mga mangyayari mamaya sa plaza. Anong pinaghahandaan nila?

a. Magsisimba ang magkakapitbahay.
b. Araw ng pista ng kanilang bayan.
c. Naghahanda sila para sa parating na bagyo.

______ 7. Biglang nagising at umiyak ng malakas ang sanggol sa kanyang duyan. Natulog siya ng ika-10 ng umaga at nagising ng ika-2 ng hapon. Bakit kaya siya umiiyak?

a. Nagugutom na ang sanggol.
b. Gusto ng maglakad ng sanggol.
c. Nais ng maligo ng sanggol.

______ 8. Inutusan si Ara ng kanyang nanay na magpunta sa tindahan. Inilagay niya ang kanyang perang pambili sa loob ng butas niyang bulsa. Pagdating ni Ara sa tindahan, bigla siyang namutla. Bakit kaya?

a. Nakalimutan ni Ara pangalan ng tindera
b. Nagkamali si Ara ng pinuntahang tindahan.
c. Nawawala ang perang pambili ni Ara.

LIVEWORKSHEETS

______ 9. "Anak, nagsisimula ng dumilim. Maaari mo bang ipasok ang mga damit na nakasampay sa bakuran?" pakiusap ni Nanay kay Gino. "Sige po nay, matatapos na po itong nilalaro ko," sagot ni Gino. Biglang bumuhos ang napakalakas na ulan. Anong nangyari sa mga damit?

a. Natuyo ang lahat ng sinampay ni Nanay.
b. Nawala ang lahat ng sinampay ni Nanay.
c. Nabasa ang lahat ng sinampay ni Nanay.

______ 10. Naglalaro ng batuhang bola ang magkakaibigang sina Fidel, Nico at Ryan. Napalakas ang bato ni Ryan at hindi ito nasalo ni Fidel. Umabot ito sa kabilang bahay at lumikha ng isang napakalakas na tunog. Anong dahilan ng napakalakas na tunog?
a. Tumalbog-talbog ang kanilang bola sa kalsada.
b. Nakabasag ang bola ng magkakaibigan.
c. Nasalo ng batang kapitbahay ang bola.

LIVEWORKSHEETS